# Pahayag ng Opinyon (Balangkas)

## - Ang ideyal na paraan ng inklusibong lipunan at mga mid/long-term na hamon -

**Nobyembre 2021**

**Advisory Committee Para sa Pagsasakatuparan ng Inklusibong Lipunan Kasama ng mga Dayuhang Residente**


# Inklusibong lipunang dapat tunguhin kasama ng mga dayuhang residente (Tatlong bisyon)

**Ang tatlong bisyon para sa inklusibong lipunan na dapat tunguhin: batay sa mga prinsipyo ng SDGs na nagtatakda ng mga internasyonal na layunin para sa pagsasakatuparan ng isang sustainable, diverse, at inklusibong lipunan kung saan "walang sinuman ang maiiwan".**

## Ligtas at tiwasay na lipunan

Isang lipunan kung saan ang lahat ay namumuhay nang ligtas at payapa ang isip, kasama ang mga dayuhang residente bilang mga miyembro na makikipagtulungan sa pagtayo ng lipunang Hapon sa mga darating na taon.

## Inklusibong lipunang dapat tunguhin kasama ng mga dayuhang residente (Tatlong bisyon)



## Diverse at masiglang lipunan

Isang diverse at masiglang lipunan kung saan ang lahat ng tao, kasama na ang mga dayuhang residente na may iba't ibang pinanggalingan, ay maaaring makilahok at magpakita ng kanilang pinakamataas na kakayahan.

## Lipunang nagpapahalaga sa indibidwal na dignidad at karapatang pantao

Isang lipunan kung saan kapwa pinahahalagahan ng lahat ng tao, kasama na ang mga dayuhang residente, ang indibidwal na dignidad at karapatang pantao at namumuhay nang walang diskriminasyon at pagtatangi.

**Upang maisakatuparan ang tatlong bisyon para sa lipunang inklusibo ng mga dayuhang residente, nakabalangkas sa ibaba ang apat na prayoridad na dapat harapin sa medium to long term na panahon. Sinusundan ang mga ito ng kurso ng aksyon para sa bawat prayoridad.**

*** Sa pagbibigay ng suporta, kailangang bumuo ng mga hakbang at patakaran habang isinasaalang-alang ang "mga taong may dayuhang pinagmulan".**


1. **Pagturo ng wikang Hapon, atbp. sa mga dayuhang residente para sa maayos na komunikasyon at pagtulong sa paglahok nila sa lipunan.**
2. **Pagbigay ng impormasyon at pagpapalakas ng sistema ng pagkonsulta para sa mga dayuhang residente.**
3. **Pagbigay ng angkop na suporta ayon sa yugto ng buhay/siklo ng buhay ng bawat isa.**
4. **Pagsisikap upang mapabuti ang imprastraktura para sa inklusibong lipunan.**

**Inaasahan namin na titingnan at pag-aaralan ng gobyerno ang kasalukuyang sitwasyon, at maghahayag sila ng ideyal na paraan ng inklusibong lipunan at mga hakbang na dapat gawin para maisakatuparan ang nasabing lipunan, at pagkatapos ay maghahanda sila ng mga medium- to long-term na plano ng aksyon na gumagamit ng KPI (Key Performance Indicators (Pangunahing Tagapagpahiwatig ng Pagganap)).**

# Mga pagbabago sa kalagayan ng mga dayuhang residente sa Japan ①

## Kasalukuyang katayuan ng mga dayuhang residente

| | |
|---|---|
| **Bilang ng dayuhang residente** | **Higit-kumulang 2.89 milyon (noong katapusan ng 2020) [umabot sa pinakamataas na bilang noong katapusan ng 2019]** |
| **Kabuuang populasyon ng Japan** | **Higit-kumulang 126.23 milyon (noong Oktubre 1, 2020)** |
| **Porsyento ng lahat ng dayuhang residente sa Japan** | **2.29% (noong katapusan ng 2020) [umabot sa pinakamataas na bilang noong 2019]** |
| **Bilang ng dayuhang manggagawa** | **Higit-kumulang 1.72 milyon (noong katapusan ng Oktubre 2020) [umabot sa pinakamataas na bilang noong katapusan ng Oktubre 2020]** |




# Mga pagbabago sa kalagayan ng mga dayuhang residente sa Japan ②

## Mga pagbabago sa bilang ng dayuhang residente at composition ratio

### Ayon sa residency status

**2010** — Bilang ng rehistradong dayuhang residente: 2,087,261

**2020** — Bilang ng dayuhang residente: 2,887,116





- Habang walang pagbabago sa sitwasyon kung saan ang mga “Permanent Resident” ang bumubuo ng higit sa 25% ng kabuuan, malaki ang tinaas ng mga dayuhang residente sa ilalim ng status na “Technical Intern Training” at “Engineer/Specialist in Humanities/International Services”.

### Ayon sa nasyonalidad/rehiyon


**2010** — Bilang ng rehistradong dayuhang residente: 2,087,261

**2020** — Bilang ng dayuhang residente: 2,887,116




- Bumaba ang bilang ng dayuhang residente mula South Korea, North Korea, at Brazil, habang malaki naman ang tinaas ng bilang ng dayuhang residente mula Vietnam.

## Bilang ng dayuhang residente ayon sa kasarian/edad/residency status




- Para sa mga dayuhang residente na nasa kanilang 20s, mataas ang porsyento ng “Student”, “Technical Intern Training”, at “Engineer/Specialist in Humanities/International Services”.
- Higit sa 60% ng mga dayuhang residente na babae na nasa kanilang mid-40s hanggang mid-60s ay Permanent Resident.

# Pagturo ng wikang Hapon, atbp. sa mga dayuhang residente para sa maayos na komunikasyon at pagtulong sa paglahok nila sa lipunan (Prayoridad 1)

## Kasalukuyang sitwasyon/Mga problema

### Pagbigay ng pagkakataon upang matuto ng wikang Hapon

- Bilang ng dayuhang residente na naninirahan sa mga munisipalidad na hindi nag-iisponsor ng mga klase na nagtuturo ng wikang Hapon
  Higit-kumulang 580,000 (noong Nobyembre 2020)

→Kulang ang pagkakataon na binibigay sa mga dayuhang residente upang matuto ng wikang Hapon.

- Ang pagkakaroon at nilalaman ng mga Oryentasyon Para sa mga Dayuhang Residente ay nag-iiba depende sa munisipalidad.

→Maaari itong magdulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa mga dayuhang residente pagdating sa antas ng pag-unawa sa mga kaugalian at sistemang panlipunan ng Japan.

### Sistematikong pag-aaral ng wikang Hapon ayon sa yugto ng buhay ng dayuhang residente

- Walang pamantayan na nagsasaad ng antas ng kasanayan sa wikang Hapon na kinakailangan ayon sa kasalukuyang yugto ng buhay ng dayuhang residente .

→Mahirap para sa isang dayuhang residente na patuloy na sistematikong mag-aral ng wikang Hapon batay sa indibidwal na pangangailangan at antas.

### Pagpapabuti ng kalidad, atbp. ng pagturo ng wikang Hapon

- May hindi pagkakapantay-pantay sa mga kwalipikasyon at abilidad ng mga guro ng wikang Hapon.
- Mahirap para sa isang guro ng wikang Hapon na itatag ang kanyang karera bilang guro nang matagalan dahil sa hindi kanais-nais na kundisyon sa trabaho, atbp.

→ Ang hamon ay pahusayin ang kwalipikasyon ng mga guro ng wikang Hapon at siguraduhin na sapat ang bilang ng mga guro.

## Pangunahing pokus

**Pagbutihin ang kapaligiran para sa mga dayuhang residente upang matuto ng wikang Hapon na kailangan sa araw-araw na pamumuhay at matutunan ang tungkol sa mga kaugalian at sistemang panlipunan ng Japan**

＜Pagbutihin ang kapaligiran para sa mga dayuhang residente upang matuto ng wikang Hapon, atbp. na kailangan sa araw-araw na pamumuhay＞

- Pagturo sa mga dayuhang residente ng wikang Hapon upang makamit nila ang antas ng kasanayan na kinakailangan para sa araw-araw na pamumuhay at pagbigay ng mga Oryentasyon para sa maayos na paninirahan sa lipunang Hapon.
- Pagbigay ng impormasyon at patnubay tungkol sa mga programang pang-edukasyon na maaaring kunin, gamit ang lahat ng uri ng pagkakataon, tulad ng sa panahon ng proseso ng aplikasyon para sa residency status.
- Ang Ahensiya ng mga Serbisyo ng Imigrasyon at iba pang kaugnay na ahensya ay dapat magtulungan upang talakayin at pag-usapan ang paghahanda ng kurikulum at materyales sa pag-aaral, pati na rin ang pagsasatupad ng online na klase.

＜Pagbutihin ang kapaligiran upang sistematikong matutunan ang wikang Hapon ayon sa yugto ng buhay ng dayuhang residente＞

- Pagtatag ng sistema upang tukuyin ang antas ng bawat paaralan ng wika gamit ang batayang pamantayan ng kasanayan sa wikang Hapon (The Japanese Framework of Reference) upang makapili ng angkop na paaralan ang isang dayuhang residente ayon sa kanyang pangangailangan sa pag-aaral at antas.

＜Pagbutihin ang kalidad ng mga programa sa pagturo ng wikang Hapon at sikaping makakuha ng mga espesyalista＞

- Introduksyon ng sistema ng kwalipikasyon para sa “Accredited Japanese instructor (pansamantalang pangalan)” at pagtatag ng sistema na nagbibigay-daan sa pangmatagalang pagbuo ng karera para sa guro ng wikang Hapon.

# Pagbigay ng impormasyon at pagpapalakas ng sistema ng pagkonsulta para sa mga dayuhang residente (Prayoridad 2)

## Kasalukuyang sitwasyon/Mga problema

### Pagbigay ng impormasyon sa mga dayuhang residente

- May impormasyon tungkol sa mga hakbang na isinasagawa ng mga kaugnay na ahensya (tulad ng mga hakbang sa pagsuporta para sa mga dayuhang residente laban sa epekto ng pandemya ng COVID-19), gayunpaman, mahirap para sa isang dayuhang residente na agad na piliin ang impormasyong naaayon/angkop sa kanyang sitwasyon.
- Ang impormasyon para sa suportang kailangan ay maaaring hindi nakararating sa dayuhang residente dahil sa hindi pagkakatugma ng paraan ng pagpapadala at paraan ng pagtanggap na ginagamit sa komunikasyon.

→Ang impormasyon ay hindi binibigay sa anyo na nagbibigay-daan na mabilis at maaasahan na ma-access ng mga dayuhang residente ang suportang kailangan nila.

### Sistema ng pagkonsulta para sa mga dayuhang residente

- Mahirap kumuha ng mga tagasalin dahil sa pagdami ng mga dayuhang residente at pagkakaiba-iba ng kanilang nasyonalidad.
- Ang pera na ipinagkakaloob upang ipagbuti ang kapaligiran para sa pagtanggap ng mga dayuhan ay hindi lubos na ginagamit alinsunod sa sitwasyon ng bawat munisipalidad.
- Iba-iba at masalimuot ang mga paghihirap ng mga dayuhang residente kaya't higit na kinakailangan na malapitang magtulungan ang mga kaugnay na ahensya.
- Ang mga kawani ng lokal na gobyerno (munisipyo) ay nahihirapang makipag-ugnayan kasama ng mga dayuhang residente dahil hindi sapat ang kanilang kakayahan sa wikang Hapon.

→Hindi pa naitatatag ang sistema ng pagkonsulta kung saan ang kailangang suporta ay mabilis at maaasahan na ma-aaccess ng mga dayuhang residente.

## Pangunahing pokus

**Pagbutihin ang kapaligiran sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at pagpapahusay ng sistema ng pagkonsulta upang bigyan-daan ang mga dayuhang residente na magkaroon ng mabilis at maaasahang access sa suportang kailangan nila.**

### ＜Pagbigay ng impormasyon sa higit na mabuting paraan mula sa pananaw ng mga dayuhang residente＞

- Maging malikhain sa nilalaman ng impormasyon (kung anong impormasyon ang dapat ipaalam)
  - Paglikha ng patnubay na tumutukoy sa mga pamantayan, atbp. ng impormasyong ibibigay.
- Paraan ng pagpaparating ng impormasyon
  - Bukod sa nakasulat na impormasyon, paggamit ng biswal na impormasyon upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang nilalaman.
- Maging malikhain sa pagpili ng media ng komunikasyon
  - Pag-dispatch ng "Custom made-type" at "Push-type" na impormasyon gamit ang Mynaportal

### ＜Pagbutihin ang sistema ng pagkonsulta upang matugunan ang mga paghihirap ng mga dayuhang residente＞

- Pagdagdag ng suporta sa mga sentralisadong serbisyo ng konsultasyon
  - Pagsuri sa mga kinakailangan upang magkaloob ng grant para sa pagpapabuti ng kapaligiran sa pagtanggap ng mga dayuhang residente/Pagsulong ng sentralisasyon ng mga serbisyo ng konsultasyon, atbp.
- Pakikipagtulungan ng mga kaugnay na ahensya sa komunidad/Pagsulong ng pagbuo ng network para sa mga taga-suporta ng mga dayuhang residente
  - Pagtatag ng contact, atbp. para sa mga tanong na sasagot sa tawag ng dayuhang residente sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ibang mga ahensya, katulad ng FRESC
  - Pagtatag ng sistemang nagbibigay-daan sa pagbigay ng impormasyon tungkol sa suporta ng gobyerno ng Japan sa pamamagitan ng mga pribadong ahensya ng suporta, pati na rin sa mabilis at tumpak na pagtukoy ng mga paghihirap ng mga dayuhang residente.

# Pagbigay ng angkop na suporta ayon sa yugto ng buhay/siklo ng buhay ng bawat isa (Prayoridad 3)

## Kasalukuyang sitwasyon/Mga problema

**Suportang angkop sa yugto ng buhay ng dayuhang residente**

Suportang kailangan ng dayuhang residente upang lumahok/sumali sa lipunang Hapon batay sa yugto ng buhay

**Suportang ankop sa siklo ng buhay ng dayuhang residente**

Suportang kailangan ng dayuhang residente upang ipagpatuloy ang kanyang pamumuhay habang nasa transisyon mula sa isang yugto ng buhay patungo sa susunod (suportang kailangan para sa panahon ng transisyon)

● May mga hamong hinaharap ang isang dayuhang residente sa panahon ng transisyon patungo sa susunod na yugto ng buhay, tulad ng pagsimula ng pagpasok sa paaralan, pagpatuloy sa susunod na antas sa paaralan, at pagsimula ng pagtrabaho.


(Halimbawa ng mga hamon)

・Habang ang porsyento ng mga dropout sa lahat ng mga mag-aaral sa high school (hindi kasama ang mga nasa paaralan para sa may espesyal na pangangailangan) ay 1.3%, ito ay nagiging 9.6% sa mga mag-aaral sa high school (hindi kasama ang mga nasa paaralan para sa may espesyal na pangangailangan) na nangangailangan ng pagtuturo/pagsasanay sa wikang Hapon.

● Kailangan din ng karagdagang suporta para sa bawat yugto ng buhay

→Ang aktwal na sitwasyon at ang mga hamon na hinaharap ng mga dayuhang residente sa bawat yugto ng kanilang buhay ay hindi lubos na nakikilala.

→Lalong nagiging mahalaga ang pagbigay ng suporta sa *panahon ng transisyon*.




## Pangunahing pokus

### Pagkilala sa realidad ng sitwasyon at pagbigay ng detalyadong suporta ayon sa yugto ng buhay at siklo ng buhay.

＜Suporta unang-una para sa mga dayuhang residente na nasa “edad sanggol”, “edad pampaaralan”, at “edad ng pagbibinata hanggang pagtanda” (suporta sa pagbubuntis, panganganak/pag-alaga ng bata, pagpasok sa paaralan, pagpatuloy sa susunod na antas sa paaralan, atbp.＞

● Pagsagawa ng field survey at pagkilala sa mga pangangailangan para sa layunin ng pagbibigay ng suporta sa mga pamilya ng dayuhang residente at pagbubuti sa kapaligiran patungo sa isang angkop para sa pagpapalaki ng bata upang hindi sila mabukod sa komunidad.

● Pag-intindi sa sitwasyon upang hikayatin ang mga anak ng dayuhang residente na pumasok sa eskwela (integral na pangangasiwa/pag-intindi)/Pagbigay ng suporta sa pagpapatayo ng mga preschool

● Kumpletong suporta sa pagbuo ng karera para sa mga anak ng dayuhang residente sa pamamagitan ng, halimbawa, pagbigay ng isang huwaran (role model) upang pataasin ang pagnanais ng mga bata mag-aral (espesyal na limitasyon sa pag-enrol/espesyal na konsiderasyon para sa mga entrance exam ng high school)

＜Suporta unang-una para sa mga dayuhang residente na nasa “edad ng pagbibinata hanggang pagtanda” (suporta sa paghanap ng trabaho)＞

● Pagtaguyod ng paggamit ng “easy-to-understand Japanese” bilang isang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan kasama ng mga dayuhang residente at paglikha ng kapaligiran na nagpapadali ng pag-unawa ng bawat isa.

● Pagbigay sa mga empleyado ng pagkakataon na sumali sa mga workshop at training sa trabaho para sa pagtatag ng kanilang posisyon sa trabaho at suporta sa pag-asenso ng karera, kung saan ang isang bahagi ng gastusin ay sagot ng employer ng dayuhang residente.

＜Suporta unang-una para sa mga dayuhang residente na nasa “edad ng nakatatanda” (suporta sa pag-aalaga)＞

● Paghanap ng kanais-nais na sitwasyon ng pagbibigay ng suporta sa pamamagitan ng pagkilala ng kasalukuyang sitwasyon at anumang kailangang suporta ng dayuhang residente, at gawin itong katanggap-tanggap para sa bawat mamamayan, kasama na ang mga dayuhang residente.

# Pagsisikap upang mapabuti ang imprastraktura para sa inklusibong lipunan (Prayoridad 4)

## Kasalukuyang sitwasyon/Mga problema

### 1 Pagtaas ng kamalayan patungo sa pagsasakatuparan ng inklusibong lipunan

● Mayroong diskriminasyon at pagtatangi sa mga dayuhang residente sa iba't ibang sitwasyon sa lipunan, tulad ng sa paaralan, trabaho, at komunidad.

### 2 Pagbuo ng sistema para matutunan ng mga dayuhang residente ang tungkol sa mga sistemang panlipunan, atbp.

● Mayroong iilang tao na hindi sinasadyang nabibigong gampanan ang mga tungkuling sibiko dahil hindi wasto ang kanilang pag-unawa sa kultura, kaugalian, at pati na rin sa sistema ng buwis/social security ng Japan.

### 3 Alamin ang realidad tungkol sa sitwasyon ng pamumuhay ng mga dayuhang residente

● Mahirap na ganap na maunawaan ang realidad tungkol sa sitwasyon ng pamumuhay ng mga dayuhang residente dahil limitado lamang ang bilang ng mga istatistika ng gobyerno kung saan ang "nasyonalidad" ay isa sa mga aytem na kasama sa sarbey.

### 4 Suporta para sa mga dayuhang residente, pagkolekta ng impormasyon para sa pangangasiwa ng mga dayuhang residente, at koordinasyon ng mga kaugnay na ahensya

● Hindi sapat ang pagkolekta ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan kasama ng mga pribadong ahensya ng suporta, atbp.
● Mahalagang i-develop ang mga tauhang nagsasagawa ng pakikipag-ugnayan tungkol sa mga suportang makukuha mula sa mga pribadong ahensya ng suporta.
● Kailangang mahusay na makuha ng Ahensiya ng mga Serbisyo ng Imigrasyon ang impormasyong kailangan para sa pangangasiwa sa mga dayuhang residente sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kasama ng Sistema ng My Number upang pagbutihin ang kanilang kaginhawaan at maisakatuparan ang wastong pangangasiwa.

### 5 Pakikilahok ng mga dayuhang residente sa lipunan

● Kulang ang pagsisikap na isinasagawa sa pagtulong sa mga dayuhang residente na makilahok sa lipunan at mailabas ang pinakamahusay na potensyal nila.
● Kailangang palawakin ang mga pagkakataon para sa mga dayuhang residenteng may mataas na motibasyong makilahok sa lipunan.

→Walang sapat na imprastraktura upang maisakatuparan ang isang inklusibong lipunang dapat tunguhin kung saan pinahahalagahan ng lahat ng tao ang pagkakaiba-iba at nagagawang ilabas ang pinakamahusay sa mga indibidwal na kakayahan.

## Pangunahing pokus

**Pagtayo ng imprastraktura na binubuo ng pagpapataas ng kamalayan at paggawa ng programa upang matutunan ang tungkol sa sistemang panlipunan, para maisakatuparan ang inklusibong lipunang dapat tunguhin.**

＜Pagpapataas ng kamalayan patungo sa pagsasakatuparan ng inklusibong lipunan＞

● Sa pamamagitan ng pagtatalaga ng "Enlightenment Month" (bilang halimbawa), ituloy ang pagsisikap na palalimin ang interes at pag-unawa tungkol sa pamumuhay kasama ng mga dayuhang residente.
● Pagsusuri sa posibilidad ng pagpapakilala ng mga pagkakataon upang matutunan ang pagiging inklusibo habang maliit pa ang mga bata/sa edukasyon sa paaralan.

＜Pagbuo ng sistema upang matutunan ang tungkol sa sistemang panlipunan, atbp.＞

● Pagbigay ng impormasyon tungkol sa mga tungkuling pansibiko, tulad ng pagbayad ng buwis at premium para sa social security, sa Oryentasyon Para sa mga Dayuhang Residente at patuloy na pagpapataas ng kamalayan pagkatapos nito.

＜Pagpapabuti ng mga istatistika ng gobyerno para sa mga field survey tungkol sa sitwasyon ng pamumuhay ng mga dayuhang residente＞

● Pag-unawa sa realidad ng sitwasyon ng pamumuhay ng mga dayuhang residente sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga istatistika ng gobyerno, pagbuo ng mga plano upang ipatupad ang mga hakbang batay sa realidad na ito, at pangasiwaan ang progreso ng pagpapatupad batay sa KPI.

＜Pagkolekta ng karagdagang impormasyon upang mapabuti ang imprastraktura para sa inklusibong lipunan at pahusayin ang koordinasyon sa pagitan ng mga kaugnay na ahensya＞

● Pagsuri ng mga posibleng hakbang tulad ng pagbigay ng impormasyon sa mga pribadong ahensya at miyembro ng staff na nag-uugnay ng mga pagsisikap sa suporta pati na rin ng pagbigay ng pinansyal na suporta.
● Pag-develop ng mga tauhang nakikipag-ugnay tungkol sa komprehensibong suporta/Pagsuri ng sistema ng akreditasyon.